

**DepEd ADVISORY No. 395, s. 2010**  
**in compliance with DepED Order No. 39, s. 2009**  
**this advisory is issued for the information of DepED officials and personnel**  
**(Visit DepEd website at [www.deped.gov.ph](http://www.deped.gov.ph))**  
**November 26, 2010**

**PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP NG SANGFIL**  
**(Sanggunian sa Filipino)**

Ang Sanggunian sa Filipino (SANGFIL), na binubuo ng mga Departamento ng Filipino ng iba't ibang kolehiyo at unibersidad sa pagtataguyod ng Komisyon ng Lalong Mataas na Edukasyon ay magdaraos ng **Pambansang Seminar-Worksyap** sa Setyembre 28-30, 2011 sa National Institute for Science and Mathematics Education Development (NISMED), Unibersidad ng Pilipinas (UP), Diliman, Lungsod ng Quezon.

Ang layunin ng seminar na ito ay ang mga sumusunod: (a) maitampok ang ilang piling pinakamahuhusay na guro sa wika at panitikan ng Pilipinas; (b) maibahagi ng mga eksperto at mahuhusay na guro sa wika at panitikan ang mabisang pamamaraan at estratehiya sa pagtuturo nito; (k) maipamalas ng mga gurong kalahok ang kanilang natutuhan sa isang workshop; at (d) maidokumento ang mga pilosopiya at estratehiya ng pagtuturo ng pinakamahuhusay na guro sa Filipino sa bansa.

Ang tagapangulo at miyembro ng kaguruan mula sa elementarya, hay-iskul at kolehiyo sa Filipino ng bawat kolehiyo at unibersidad ang dapat dumalo sa seminar na ito. Maaari ring dumalo ang kaguruan buhat sa iba't ibang departamento o disiplina.

Para naman sa bayarin sa seminar, tingnan ang nakatala sa ibaba:

<b>Bayarin sa Seminar-Worksyap</b>		<b>Bayad sa Pagpapamiyembro</b>	
rehistrasyon (non-refundable)	PhP3,000.00 sa bawat delegado para sa pagkain sa tatlong (3) araw, sertipiko, hand-outs, at conference kit	Institusyon	PhP500.00
	PhP500.00 para sa bawat institusyon para sa taunang butaw (para sa institusyong miyembro na ng SANGFIL)	Indibidwal: Lifetime	PhP500.00
		Yearly	PhP100.00

Magbibigay ng 10% diskuwento para sa mga makakapagrehistro at makakapagbayad hanggang Agosto 15, 2011. Ipadala ang inyong reserbasyon bago Setyembre 15, 2011.

Para sa iba pang impormasyon, mangyaring tumawag o makipag-ugnayan kay Dr. Jimmuel C. Naval, Direktor ng Pambansang Seminar, c/o UP Sentro ng Wikang Filipino-Diliman, 3/F School of Urban and Regional Planning, E. Jacinto St., UP Campus, UP Diliman, Lungsod ng Quezon sa telefax blg.: (02) 924-4747 o (02) 426-5838.